American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN :2378-703X
Volume-6, Issue-4, pp-56-61
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Mga Gradwadong Bachelor of Arts in Filipino: Akademya tungo sa Industriya

[1]Rowena C. Largo, EdD. , [2]Mae Ann Q. Gaihe, EdD.
*[1]Cebu Normal University, Cebu City , Philippines*
*[2] Cebu Normal University, Cebu City, Philippines*

**ABSTRAK:** Ang mga nagsipagtapos ng digri ay isa sa mga mahalagang stakeholders ng isang institusyon at malaki ang kanilang papel sa pagpapaunlad ng kurikulum. Kaugnay nito, ang mga mananaliksik ay nagsagawa ng pag-aaral upang matukoy ang kinahihinatnan ng mga nagsipagtapos ng Bachelor of Arts in Filipino sa Cebu Normal University. Sa pananaliksik na ito ay tiniyak na matugunan ang sumusunod: (1) Ano ang estado sa pagtatrabaho ng mga nagsipagtapos? (2) Ano ang pangunahing linya sa negosyo ng kompanyang kasalukuyang pinagtatrabahuan? (3) Ano ang mga kasanayan na natutuhan nila mula sa digring natapos na nagamit sa kasalukuyang trabaho? (4) Ano ang mga mungkahi ng mga nagsipagtapos para mapaunlad ang kurikulum ng programa? at (5) Ano ang mga pidbak na nakuha sa administrador na may kaugnayan sa kasalukuyang trabaho? Sa pag-aaral na ginawa ay gumamit ngdeskriptibong pagsusuri upang masuri ang mga datos na nakalap. Batay sa nakalap na datos, napag-alaman na ang mga nagsipagtapos ng digri na Bachelor of Arts in Filipino ay kasalukuyang nagtatrabaho at nasa larangan ng edukasyon at nagamit sa pagtatrabaho ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Iminumungkahi ng mga nagsipagtapos ang pagpapaunlad sa kurikulum na may kaugnayan sa pagtuturo at karagdagang education units. Marami rin ang nakakuha ng pidbak mula sa adminsitrador na hinggil sa kanilang kahusayan sa kasalukuyang trabaho.

**Susing Salita:** *tracer study, Bachelor of Arts in Filipino, akademya, industriya, gradwado*

## I. INTRODUKSYON

Ang pag-unlad ay bahagi na ng buhay at upang malaman ang salik na dapat pang linangin, mahalagang may pagsubaybay na gawin. Katulad ng pagpapalinang ng kurikulum, ang pagsasagawa ng tracer study sa mga nagsipagtapos ng isang tiyak na digri ay isang malaking tulong. Ang papel ng institusyon ay hindi nagtatapos sa instruksyon sapagkat ang pagsubaybay at pagpapaunlad ng kurikulum ay mahalaga upang maiangkop ito sa pangangailangan sa industriya. Sa pagsasagawa rin ng tracer study, makikita ang pagbabagong pangpropesyonal ng mga nagsipagtapos na magiging batayan sa rebisyon na maaaring gawin sa isang kurikulum.

Ayon sa ACER News (2021), *Tracer study provides feedback to HEIs within two to three years, allowing them to observe if they have been providing the right skills and knowledge to their students. It also signals to relevant stakeholders that the HEI is attempting to improve and respond to their needs.* Batay sa pahayag na ito, mababatid na mahalaga ang pagsasagawa ng tracer study upang malaman kung natugunan ba ng institusyon ang pangangailangan ng industriya at angkop ba ang kasanayan ng mga mag-aaral na nilinang. Sa ganitong paraan, pinapaunlad at binibigyang tugon ng mga institusyon ang nararapat o kinakailangan sa industriya. Nangangahulugan na ang kurikulum ay kailangang sumabay rin sa pangangailangan ng mundo at mahasa ang kasanayan na magagamit ng mga mag-aaral sa panahon na magtatapos na ang mga ito.

Kaya ang pananaliksik na ito ay isinagawa upang matukoy at masubaybayan ang kinahinatnan ng mga nagsipagtapos sa digri na Bachelor of Arts in Filipino sa Cebu Normal University na iniaalok ng College of Arts & Sciences. Ang pagsasagawa ng pag-aaral na ito ay malaking tulong upang mapaunlad ang kurikulum at matugunan ang pangangailangan ng industriya.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pag-aaral na ito ay naglalayon na matukoy at masubaybayan ang kinahinatnan ng mga estudyante na nagtapos sa digri na Bachelor of Arts in Filipino sa Cebu Normal University.

Tinitiyak sa pag-aaral na ito na matugunan ang sumusunod:

(1) Ano ang estado sa pagtatrabaho ng mga nagsipagtapos?

(2) Ano ang pangunahing linya sa negosyo ng kompanyang kasalukuyang

pinagtatrabahuan?

(3) Ano ang mga kasanayan na natutuhan nila mula sa digring natapos na nagamit sa kasalukuyang trabaho?

(4) Ano ang mga mungkahi ng mga nagsipagtapos para mapaunlad ang kurikulum ng programa? at

(5) Ano ang mga pidbak na nakuha sa administrador na may kaugnayan sa kasalukuyang trabaho?

## III. KAUGNAY NA LITERATURA AT PAG-AARAL

Ang tungkulin ng isang institusyon ay hindi natatapos sa panahon na nagsipagtapos na ang mga mag-aaral na kumukuha ng digri sapagkat tungkulin din ng unibersidad na subaybayan ang propesyonal na pag-unlad ng mga nagsipagtapos. Ang pagsasagawa ng tracer study ay isa sa mga paraan upang malaman ang kasalukuyang estado ng mga nagsipagtapos sa isang programa. Sa ganitong paraan matutukoy ang mga pangangailangan ng industriya at ang dapat lingangin sa kurikulum upang maiangkop ito.

Ayon kina E. Schiefelbein at J.P. Farrell (1987), *Tracer study refers to the investigations in which a sample of individuals are studied at a given time, and then located and studied again at one or more successive stages in their lives. The essential feature of such studies is that characteristics of the same subjects are observed at two or more points in time.* Batay sa pahayag, ang tracer study ay isang pag-aaral na isinagawa sa isang tiyak na panahon. Sa pagsasagawa nito ay mahalagang salik na may parehong katangian ang mga tagatugon. Sa isinagawang pananaliksik, ang mga tagatugon ay parehong mga nagsipagtapos sa Cebu Normal University at kumukuha ng kursong Bachelor of Arts in Filipino.

Kaugnay sa pahayag na ito, ang tracer study ay isang malaking tulong sa mga unibersidad at iba pang institusyon. Inilahad nina (Badiru at Wahome,2016) na, *Graduate tracer studies obtain both intrinsic and extrinsic results and benefits. If designed with rigor and inherent uniqueness, tracer study methodologies provide simple and utilizable results that can be consumed appropriately at individual and institutional level. Intrinsic results from GTS can be used by universities to point at areas for improvement in study programmes and service delivery at universities.* Inilalahad sa pahayag na ito ang benepisyo na makukuha sa pagsasagawa ng tracer study. Ayon dito, ang pagsasagawa ng tracer study ay malaking tulong sa unibersidad sapagkat natutukoy ang larangan at salik na nararapat pang paunlarin sa isang kurikulum. Katulad din ng isasagawang pag-aaral, ito ay malaking tulong sa departamento ng Filipino at sa unibersidad upang malaman ang kalakasan at kahinaan ng kurikulum.

Sa pagsasagawa rin ng tracer study, maiaangkop ang kurikulum sa industriya na siyang tumatanggap sa mga nagsipagtapos sa oras na natapos na nito ang digri. Dahil dito, matutukoy ang kasanayan na nagamit ng mga nagsipagtapos at ang kasanayan na dapat linangin sa mga kasalukuyang kumukuha ng digri. Ayon kay Vega et al (2006), *Job and skills should match. One of the deterrents in finding a job is the mismatch of skills by the graduates and the requirements of the job.* Nangangahulugan ang pahayag na ito na nararapat akma ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pangangailan ng trabaho o ng kompanya. Ibig sabihin, mahalaga ang pagsasagawa ng *tracer study* sapagkat dito matutukoy ang kasanayan na kinakailangan ng industriya batay sa karanasan ng mga nagsipagtapos.

Kaugnay sa pahayag na ito, idinagdag din ni Vega na, *Education will need rethinking and restructuring if schooling is to best prepare the children and the youth of the world to engage globalization's new challenges, opportunities, and costs.* Inilahad na ang edukasyon ay kailangang suriin muli at magsagawa ng ebalwasyon upang maihanda ang mga mag-aaral sa hamon, oportunidad at kasanayan na kakailanganin lalo pa at kailangang makipagsabayan sa mabilis na takbo ng industriya.

Inilahad naman sa *CHED Memorandum Order No. 36, series of 1998, otherwise known as the Policies and Standards for Graduate Education. Section 2, Structure of Graduate Education, states: "Philippine graduate education shall, if feasible, be vertically articulated by discipline. Graduate programs shall emanate from strong undergraduate programs across all the higher education disciplines."* Malinaw na inilahad sa CHED Memorandum na tungkulin ng bawat institusyon na mahasa at malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral sa iba't ibang disiplina. Sa ganitong paraan ay maihahanda sila sa larangan na pipiliin. Katulad din ng isinagawang pananaliksik, ang digri na Bachelor of Arts in Filipino ay isa sa mga programa na nakaangkla sa kautusang ito. Kaya, mahalaga ang pagsasagawa ng pag-aaral kaugnay rito upang mas mapaunlad at malinang ang kasanayan ng mga mag-aaral na kukuha ng digri.

Ayon naman kay Cook (2017) qtd Yorke (2017), *Graduates have still got to learn how to function in corporate and working life. Once employed, if they're good, they'll get promoted really quickly.* Ang pahayag na ito ay nagpapahiwatig na ang pagkatuto ng mga nagsipagtapos ay patuloy hanggang sa kanilang kasalukuyang trabaho. Ang kasanayan na nahasa habang nag-aaral pa lamang ay nadadagdagan sa industriya na kinabibilangan. Natututo sila batay sa kanilang karanasan na isang malaking bagay rin na matukoy sapagkat magagamit ito sa pagtuturo ng mga kurso. Ang mga kaalaman at kasanayan na kinakailangan sa industriya ay

siya ring lilinangin ng unibersidad. Nangangahulugan na inihahanda ng institusyon ang mga mag-aaral sa larangan na kanilang tatahakin.

Ang mga pahayag na inilahad ay may kaugnayan sa pag-aaral na isinagawa sapagkat nagpapaliwanag ito sa kahalagahan ng pagsasagawa ng *tracer study* bilang isang institusyon. Ipinababatid din ang benepisyo na makukuha ng departamento at unibersidad sa pagsasagawa rito lalo na ang pagpapaunlad sa kurikulum at paghahasa sa kasanayan na kakailanganin sa industriya.

Samakatwid, ang mga nabanggit na pag-aaral at literatura ay nagpapatunay sa kahalagahan ng pagsubaybay at pagtukoy sa kasalukuyang estado ng mga nagsipagtapos, pagbabago o pag-unlad na propesyonal at maging ang mga mungkahi ng mga nagsipagtapos na makalaking tulong upang mapalinang pa ang kurikulum.

## IV. METODOLOHIYA

Ang isinagawang pananaliksik ay isang deskriptibong pag-aaral na tumutukoy sa bahagdan at kabuoan. Ginamit ito upang matukoy at masubaybayan ang kinahihinatnan ng mga mag-aaral na nagtapos sa Bachelor of Arts in Filipino sa Cebu Normal University. Ginamit ang nirebisang graduate tracer survey questionnaire na mula sa Commission on Higher Education (CHED). Ito ay isinalin sa wikang Filipino at nirebisa upang maiangkopsa pangangailangan ng pananaliksik na gagawin. Ito ay naka-google form para mas madaling masagutan ng mga tagatugon.


Ang sumusunod na mga hakbang ang ginawa sa pagkalap ng datos. Una, humingi ang mga mananaliksik sa University Registrar ng tala ng mga nagsipagtapos sa digri na Bachelor of Arts in Filipino sa Cebu Normal University. Pangalawa ay nagpadala ng mensahe sa social media site na Facebookat Messenger na humihingi ng permiso na pasagutan ang talatanungan. Gumamit ang mga mananaliksik ng snowball technique. Ito ay upang mas mapadali ang pagtunton sa kasalukuyang trabaho at lokasyon ng mga nagsipatapos.

## V. PRESENTASYON AT INTERPRETASYON NG DATOS

Ang mga nakalap na datos ay sinuri at ininterpreta ng mga mananaliksik. Ang mga datos ay mula sa mga nagsipagtapos ng digri na Bachelor of Arts in Filipino na isa sa mga programa ng Cebu Normal University-College of Arts & Sciences.

Ang estado sa pagtatrabaho ng mga nagsipagtapos ay inilahad gamit ang grapiko. Makikita sa grapiko 1 ang mga bahagdan ng mga datos na nakalap.

**Grapiko 1. Estado sa Pagtatrabaho ng mga Nagsipagtapos**





Batay sa datos na nakalap, 82.9% sa mga tagatugon ang kasalukuyang nagtatrabaho. Mapapansing marami sa mga nagsipagtapos ang nakahanap ng trabaho at kukunting bilang lamang ang hindi pa nagtatrabaho ngunit batay sa pagsisiyasat, marami sa mga hindi nagtatrabaho ang may maliit na negosyo katulad ng online selling. Ika nga sa isang kasabihan na inilahad ni Milton Berle, *If opportunity doesn't knock, build a door.* Nagpapahiwatig ito na kahit pa man hindi sila empleyado ay kumikita at nagagamit nila ang ilang kasanayan na natutuhan nila sa programang natapos katulad ng kasanayang pangkomunikasyon at pakikipagrelasyong sosyal.

Ang mataas na bilang ng mga nagsipagtapos ay mga nagtatrabaho. Nagpapahiwatig ito na ang mga nagsipagtapos ay may sapat na kasanayan na angkop sa pangangailangan ng kompanya o institusyong kinabibilangan. Ayon kay Schomburg (2016), *Jobs are changing rapidly and individuals are also changing their skill sets, either through education and training or through their work and life experience.* Nangangahulugan ito na ang mga trabaho ay nagbabago at kasabay ng pagbabagong ito ay ang pagbabago rin ng kinakailangang kasanayan sa pamamagitan ng pag-aaral at iba pang *trainings* na makalilinang sa kaalaman at kasanayan. Kaugnay nito, kahit marami sa mga nagsipagtapos ang baguhan pa lamang at natanggap sa trabaho, nagpapahiwatig ito na nagpapakita at nagtataglay ang mga nagsipagtapos ng kasanayan na kinakailangan sa industriya.

Sa ikalawang grapiko, makikita ang mga pangunahing linya ng kompanyang pinagtatrabahuan ng mga nagsipagtapos. Inilahad sa grapiko ang bahagdan ng mga nagsipagtapos at ang linya sa negosyo ng kompanyang kasalukuyang pinagtatrabahuan.

**Grapiko 2. Pangunahing Linya sa Negosyo ng Kompanyang Kasalukuyang Pinagtatrabahuan**




Batay sa inilahad na grapiko,makikitang ang pinakamalaking bahagdan ng mga pangunahing linya ng negosyo ng kompanyang pinagtatrabahuan ay nasa edukasyon. Marami sa nagsipagtapos ang nagtuturo sa pribado at pampublikong paaralan, mga guro sa kolehiyo, guro sa ESL, *English Language Assistant*, *Administration Staff* at tagapagsalin, Nagpapahiwatig ito na ang kanilang mga kaalaman at kasanayan na nalinang ay nagamit nila sa larangan ng edukasyon. Nangangahulugan din ito na ang mga kasanayan na kinakailangang ilinang sa mga mag-aaral na kumukuha ng programang Bachelor of Arts in Filipino ay pang-akademiko o kasanayang kinakailangan sa larangan ng edukasyon.

Ayon kay Marsh (2015), *A new survey shows that 73% of trainee teachers have considered leaving the profession – mostly due to workload. But they join because they want to work with young people.* Sang-ayon sa pahayag na ito, maraming mga guro ang nagnanais na iwan ang propesyon dahil sa maraming gawain na kaugnay sa propesyong ito ngunit marami ang nagtuturo, nanatili at ang iba ay kumuha ng karagdagang kurso para makapagturo dahil sa pagnanais na magtrabaho kasama ang mga bata. Ang ganitong dahilan ay maaaring dahil sa positibong naidudulot ng pagiging inosente ng mga estudyante at ang kasiyahan din na naidudulot ng pagtuturo. Totoong nakakapagod ang propesyon na ito ngunit ang pagmamahal mula sa mag-aaral at ang makita ang mga mag-aaral na magtagumpay ay isa sa mga kasiyahan sa larangan ng edukasyon.

Inilahad naman sa ikatlong grapiko ang kasanayan na natutuhan ng mga nagsipagtapos. Ang mga kasanayan na ito ay natutuhan nila sa programang natapos at nagamit sa kasalukuyang trabaho. Inilahad ang bahagdan ng mga kasanayan na kanilang natutuhan upang mas makita ang nangingibabaw na kasanayan.

**Grapiko 3. Kasanayan na Natutuhan**



Batay sa inilahad na grapiko, makikitang pinakamalaking bahagdan ng mga kasanayan na natutuhan ng mga nagsipagtapos na nagamit nila sa pagtatrabaho ay ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Ito ay hindi nakapagtataka lalo pa at makikita sa mga naunang datos na marami sa mga nagsipagtapos ang nasa larangan ng edukasyon. Nangangahulugan na pangunahing kasanayan na kinakailangan ay ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon.

Ayon Sharma (2017), *Communication skills develop professionalism in the students. Learning and practicing communication skills help students in future to handle such kind of professional and social tensions.* Ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon ay isa sa mga kasanayan na hinahasa sa unibersidad. Sa pamamagitan nito, nagagamit ng mga mag-aaral ang kasanayan na ito sa kahit anumang larangan na kanilang pipiliin. Katulad ng mga nagsipagtapos ng Bachelor of Arts in Filipino, marami sa kanila ang nasa larangan ng edukasyon at nagamit nila ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon. Ang kasanayan din na ito ay nagamit ng mga nagsipagtapos kahit na sila ay nasa ibang larangan o industriya sapagkat bilang isang indibidwal, kailangan at bahagi ng paghahanap-buhay ang pakikipagkomunikasyon.

Batay rin sa mga nakuhang datos, nakalap ang ilan sa mga mungkahi ng mga nagsipagtapos. Ang mga mungkahi na ito ay malaking tulong upang mapaunlad at maiangkop ang programa sa pangangailangan sa industriya.

Isa sa mga mungkahi ay karagdagang *unit* na may kaugnayan sa pagtuturo. Sa nagdaang batch ng mga nagsipagtapos ng Bachelor of Arts in Filipino, kailangan nilang kumuha ng educationunits o mag-aral ng *Diploma in Public Education* para makakuha ng *Licensure Exam for Teachers.* Ang mungkahi na ito ay naisagawa at nasa bagong kurikulum ng Batsilyer sa Sining sa Filipino. Ang unang batch noong 2017 at magtatapos ng kanilang digri ngayong 2022 ay hindi na kailangang kumuha ng education units sapagkat kay education units na sa digring kinukuha. Ang mga magsisipagtapos din sa kursong ito ay maaaring magturo sa senior high school at maging sa antas tersyarya.


Ang ikalawang mungkahi ay pagpapanatili at pagpapalalim sa mga paksa tungkol sa wika at panitikang Filipino. Ang mungkahing ito ay naisagawa na rin sa kasalukuyang kurikulum ng Batsilyer ng Sining sa Filipino. Isa sa kinonsidera sa pagbabago na ginawa sa kurikulum ay ang bilang ng mga nagsipagtapos sa digri na napabilang sa larangan ng edukasyon at marami sa kanila ang nagtuturo sa sekundarya at tersyarya. Kaya, kaugnay sa mungkahing ito, mas pinalalim at binigyang diin ng kurikulum ang mga paksang kakailanganin sa industriya at ang kasanayan na kakailanganin.

Pangatlong mungkahi ay tungkol sa *practicum*. Iminungkahi ng mga nagsipagtapos na ang kanilang mga OJT (On the Job Training) ay may kaugnayan sa trabahong papasukan. Batay sa kurikulum ng mga naunang batch, ang mga nagsipagtapos ang pumili ng kanilang larangan at kompanya bilang practicum ngunit sa bagong kurikulum ng Batsilyer sa Sining sa Filipino, ang mga magsisipagtapos sa digri na ito ay magsasanay bilang guro. Nakapokus na ang practicum sa pagtuturo ng antas sekundarya at tersyarya.

Ang mga mungkahing inilahad ng mga nagsipagtapos ay naisagawa at makikita sa bagong kurikulum ng Batsilyer ng Sining sa Filipino. Ito ay nakasaad sa Board Resolution No.13, Series of 2018 at CHED Memorandum Kautusan Serye ng 2017.

Sa ikaapat na grapiko ay makikita ang pidbak na nakuha mula sa administrador. Ilahad ang bahagdan ng mga pidbak na nakuha ng mga nagsipagtapos mula sa kanilang administrador na may kaugnayan sa kanilang trabaho.

**Grapiko 4. Pidbak na Nakuha sa Administrador**




Makikita sa grapiko sa itaas na marami sa kanilang administrador ang naglalahad na ang mga nagsipagtapos ay mahusay. Ito ay magandang indikasyon na ang mga nagsipagtapos ay naging mahusay sa kanilang trabaho at nagtataglay ng kasanayan na kinakailangan ng kanilang institusyon. Nagpapahiwatig din ito na kailangan pang hasain ang kaalaman at kasanayan ng mga nagsipagtapos upang maging napakahusay sa larangan na pipiliin.

Ayon kay Reddy (2016), *Feedback is always immensely fascinating and revitalising. It fosters resilient connections with employee fulfillment and thereby directly proportional to productivity.* Ang pidbak na

nakukuha mula sa administrador ay nagbibigay ideya sa mga empleyado kaugnay sa trabaho. Ito ay upang mapabuti ang trabaho at malinang ang sarili. Malaking tulong ito hindi lamang sa institusyon at empleyado maging sa mga kliyente ng institusyon sapagkat ang mga ito ang nakakatanggap sa serbisyo ng kompanya.

Ang pidbak na nakukuha mula sa administrador ay mahalaga rin sa institusyon na pinagmulan ng mga empleyado sapagkat natutukoy ang kasanayan at ang dapat pang linangin sa mga nagsipagtapos. Nagkakaroon ng ideya ang unibersidad sa paraanat mga nararapat na irebisa sa kurikulum upang maiangkop ito sa industriya.

## VI. KONGKLUSYON

Marami sa mga nagsipagtapos ng Bachelor of Arts in Filipino ay kasalukuyang nagtatrabaho at nasa larangan ng edukasyon. Nagamit ng mga nagsipagtapos ang kasanayan sa pakikipagkomunikasyon at iminungkahi na paunlarin ang kurikulum sa pamamagitan ng pagdaragdag ng education units at pagpopokus sa paglinang sa kasanayan sa pagtuturo. Marami rin sa nagsipagtapos ang nagtaglay ng kahusayan sa kanilang kasalukuyang trabaho.

## SANGGUNIAN

[1] Badiru, Egesah Omar at Wahome, Mary. (2016). **Conducting Graduate Tracer Studies for Quality Assurance in East African Universities: A Focus on Graduate Students Voices on Quality Culture**. Journal of Education and Practice. Vol.7, No.6, 2016 https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1092473.pdf

[2] Colinares, Nilo E. (2010). **21st Century, Trends, Issues and Challenges in Philippine Education**.National Bookstore. Mandaluyong City

[3] Marsh, Sarah (2015). **Five top reasons people become teachers – and why they quit**. The Guardian https://www.theguardian.com/teacher-network/2015/jan/27/five-top-reasons-teachers-join-and-quit

[4] News, A. (2021, August 10**). Homework for universities: Employability for future generations**. Sydney, Australia. https://www.acer.org/au/discover/article/tracer-study-building-employability-for-future-generation

[5] E. Schiefelbein at J.P. Farrell (1987).**Tracer Studies:Economics of Education**.Pergamon, https://doi.org/10.1016/B978-0-08-033379-3.50084-X.

[6] Reddy ,C. (2016) **Feedback in the Workplace – Importance and Benefits**. Wisestep https://content.wisestep.com/importance-benefits-feedback-workplace/

[7] Schomburg, H. (2016). **Carrying Out Tracer Studies. European Training Foundation**. http://ingradnet.org/images/schomburg_2016_carrying_out_tracer_studies.pdf

[8] Sharma, V. (2017). **Importance of Communication Skills for Students**. Klient Solutech http://www.klientsolutech.com/importance-of-communication-skills-for -students/

[9] Vega, Violeta A. et.al. (2006). **Social Dimensions of Education**. Lorimar Publishing Inc. Quezon City, Manila

[10] Yorke, H. (2017). **Students Should Not Have to Worry About Graduate Employment While at University**. Telegraph http://www.telegraph.co.uk./education/2017/04/24/students-should-not-have-worry- graduate employment-university/